Philippine Biblical Worldview Institute

Systematic Theology ©

Conrad Jun Tolosa

Revised April 11, 2022

ST102 Word Revelation, 1 of 2

Pagpapahayag ng Diyos Through His Word

1. Through His Prophets

Taglay ng mga sinulat ni Propetang Moses ang pagpapahayag ng Diyos bilang Creator God, Sovereign God at Covenant God. Upang makilala at maunawaan natin ang Diyos, kinakailangang ipahayag Niya ang Kanyang sarili sa atin. Ang Diyos ay hindi isang puwersa na naghihintay lamang na madiskubre sa pamamagitan ng scientific investigation o observation sa kung ano ang ating nakikita, sa pamamagitan ng speculasyon kung ano ang Diyos o sa pamamagitan ng pangangatuwiran ng tao. Walang maaaring makadiskubre kung sino ang Diyos. Pinapahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa tao sa isang progresibong kaparaanan upang matanggap natin ang Kanyang kapahayagan ng one small dose at a time at hindi sa isang biglang buhos.

Sinasabi sa Hebrews 1:1 ang ganito: Noong una, nangusap ang Diyos sa ating mga ninuno sa pamamagitan ng mga propeta sa iba't ibang panahon at iba't ibang paraan . . . Ang mga propeta, simula kay Moses hanggang kay Malachi, ay nagpahayag ng mga utos ng Diyos sa bayan ng Israel para sa mabuting pamumuhay. Binatikos ng mga propeta ang kanilang mga bisyo, ang pagsamba sa diyos-diyosan, pagtataksil, pang-aapi, at social, moral at political corruption. Samakatuwid, ang mga propeta ay ang mga tagapagsalita ng Diyos sa tuwing mayroon Siyang nais ipahayag sa tao, maging sa buong bansa man o sa isang individual lamang.

Maraming mga propeta ang ginamit ng Diyos upang bigyang babala ang bansang Israel dahil sa kanilang paulit-ulit na pagsuway sa kanilang Mosaic covenant na ginanap habang sila ay naglalakbay mula Egypt patungo sa lupang pangako. Pinadala ng Lord si Jonah upang bigyang babala ang bayang Nineveh. Si Obadiah naman ang propetang nag-rebuke sa bayan ng Edom sa ginawa nilang kasamaan sa bayan ng Israel. At upang pagalitan nang matindi si Haring David sa kanyang kasalanang may kinalalaman sa relasyon nila ni Bathsheba, ang propetang Nathan ang isinugo ng Diyos. Nakapaloob din sa mga pangangaral ng mga propeta ang maraming hula patungkol sa mga hinaharap na kaganapan sa bayan ng Israel, ang tungkol sa Messias, ang tungkol sa mga Gentiles, sa ang mga huling araw at sa darating na panahon.

Sa pamamagitan ng pakikipagtipan ng Diyos kay Adan, Noah, Abraham, Moses at kay Haring David, ipinahayag ng Diyos ang Kanyang sarili bilang Soberenyang Diyos; ang lahat ng sangnilikha ay may pananagutan sa Kanya. Siya ay mapagbiyaya ngunit makatarungan. At ipinahayag din ng Diyos ang pangangailangan ng tao ng isang tagapagligtas.

1b. Through His Son

Ang sabi sa John 1:17 ay ito: Ang batas ay dumating sa pamamagitan ni Moses, ang biyaya at katotohanan ay dumating sa pamamagitan ni Jesu Cristo.

Sa Hebrews 1:2, ang nakatala ay ito: *Ngunit nitong mga huling araw, nagsalita Siya sa pamamagitan ng Kanyang Anak, Siya ang hinirang Niyang tagapagmana ng lahat ng bagay, at sa pamamagitan Niya nilikha ang sanlibutan.*

Sa tuwing magpapahayag sila ng mensahe mula sa Diyos, ginagamit ng mga propeta ang phrase na, "Sinabi ito ng Diyos." Ngunit kapag si Jesus ay nagsalita para sa Diyos, sinasabi Niya ang ganito, *Katotohanan ang sinasabi Ko*. Ang mga salitang nanggagaling sa bibig ni Jesus ay mga salita ng Diyos sapagkat si Jesus, na Anak ng Diyos, ay Diyos Anak.

Maraming bagay ang ipinahayag sa atin sa John 17:1-8 tungkol sa relasyon ng Diyos Ama kay Cristo Jesus: 1) Si Jesus ay Anak ng Diyos, 2) Kabahagi ni Jesus ang Diyos sa banal na kaluwalhatian bago pa man magkaroon ng pasimula, 3) Ipinagkaloob ng Diyos Ama ang lahat ng kapangyarihan kay Jesus sa buong sangkatauhan, 4) May kapangyarihan si Jesus upang magbigay ng buhay na walang hanggan, 5) Ipinapahayag ni Jesus ang Diyos sa tao sa personal na paraan (sinabi ni Jesus sa Matthew 11:27, Ibinigay na sa Akin ng Ama ang lahat ng bagay. Walang nakakikilala sa Anak kundi ang Ama, at walang nakakikilala sa Ama kundi ang Anak at ang mga taong pinili Niyang pagpahayagan), 6) Mula sa mundo, may ibinigay ang Diyos kay Jesus na mga lalaki at babae.

Sa John 10:27-29, tinukoy ni Jesus bilang Kanyang tupa ang mga ibinigay ng Diyos sa Kanya. Sa verse 11, ipinahayag ni Jesus ang Kanyang sarili, patungkol sa Kanyang mga tupa, bilang Kanilang mabuting pastol at kasama sa plano ang pag-aalay ng Kanyang buhay upang tubusin sila sa kanilang mga kasalanan. Ibinigay ng Diyos kay Jesus ang Kanyang mga tupa. Tutubusin sila ni Jesus sa pamamagitan ng pagbuhos ng Kanyang sariling dugo.

Ang Diyos ay naghirang ng marami at sila ay itinalaga upang matulad sa larawan ng Diyos sa pamamagitan ng paghahalintulad sa wangis ng Kanyang Anak (Romans 8:29). Ito ang tipan ng Diyos kay Cristo Jesus. Sa Kanyang pagpili muling ginamit ng Diyos ang Kanyang soberenya. Pumili Siya ayon sa Kanyang kaluguran at mabuting hangarin para sa ikapupuri ng Kanyang maluwalhating biyaya. Ang biyaya ng Diyos ay kagandahang loob; isang pagpapala na hindi karapat-dapat ngunit ibinigay ng Diyos nang libre sa makasalanang tao.

Sinabi ni Apostol Pablo sa mga taga-Ephesus, sa Ephesians 2:1-10, na ang lahat ay ipinanganak na patay sa kasalanang kanilang sinasapamuhay at ang lahat ay sunod-sunuran sa takbo ng mundo at nabubuhay sa pagnanasa ng kanilang laman. Subalit ang Diyos na mayaman sa pagkahabag at dahil sa kalakhan ng Kanyang pag-ibig sa kanila, sila ay Kanyang binuhay muli kay Cristo.

Ikaw at ako ay nagkakasala dahil tayo ay makasalanan. Ang kahangalan ay nasa puso natin mula sa pagkabata. Tayo na kinilala ng Diyos ay nasa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas hanggang dumating ang oras ng ating katubusan. Tayo ay patay sa kasalanan. Ngunit dahil sa dakilang pag-ibig ng Diyos sa atin, tayo ay nabuhay muli kay Cristo, ibinangon at naupo kasama Niya sa kalangitan. Ang lahat ng ito ay dahil sa biyaya ng Diyos na siyang nagligtas sa atin sa pamamagitan ng pananampalataya. At kahit na ang pananampalataya na siyang nagpapasunod sa atin sa Diyos ay hindi nanggaling sa ating sarili kundi ito ay handog ng Diyos. Sa langit, walang makapagsasabing, "Nakarating ako dito dahil sa aking kakayahan."

Sinabi sa Hebrews 12:2 na si Jesus ang may-akda at tagapagtapos ng ating pananampalataya. Ang Diyos ang Siyang naglagay ng mga utos sa ating puso at itinatak sa ating mga isipan. Kaya natututuhan nating ibigin ang mga utos ng Diyos at sundin Siya sapagkat mahal natin ang Diyos. Sa kahuli-hulihan, sinasabi

sa Ephesians 2:1-10 sa atin na nakasisiguro tayong maisasakatuparan natin ang layunin ng Diyos sa ating buhay dahil sa Kanyang biyaya. Dahil kay Cristo, maisasagawa natin ang mga utos ng Diyos patungkol sa ating pamamahala at paggawa ng isang sibilisasyon na nagbibigay puri sa Kanya.

Ang resulta ng pakikipagtipan ng Diyos kay Adan ay kamatayan ngunit ang resulta ng pakikipagtipan ng Diyos kay Cristo Jesus ay buhay na walang hanggan para sa mga magtitiwala sa Kanyang salita.

Sa pamamagitan ng pakikipagtipan ng Diyos kay Cristo Jesus, ipinahayag Niya ang Kanyang sarili bilang makatuwiran at mapagpatawad, puno ng habag at biyaya.

Sa Kanyang maigsing earthly ministry, nagsalita si Jesus patungkol sa isang pilosopiya ng buhay; ang isang particular na paraan ng pagsasa-alang-alang ng buhay, sa pagmamatyag sa mga bagay-bagay sa ating kapaligiran at sa pagpapaliwanag ng mga pangyayaring nagaganap mismo sa ating mga lugar at sa buong mundo. Sa isang mas malalim na pang-unawa, ipinaliwanag ni Jesus sa Old Testament people ng Diyos kung ano ang ipinapahayag ng mga propeta patungkol sa mga katangian ng Diyos at ang Kanyang kalooban para sa kanilang mga buhay. Nagsalita Siya patungkol sa ating pangangailangan na maunawaan ang espiritu ng batas at hindi lamang ang letra nito. Pinahayag din ni Cristo sa Kanyang mga disipulo ang kahulugan ng kaharian ng langit at kung paano ito masusumpungan. Nagbanggit din Siya tungkol sa darating na panahon. Bagamat nangusap si Jesus tungkol sa pag-ibig ng Diyos, nagbabala rin Siya patungkol sa galit at paghuhusga ng Diyos. At, pinatunayan Niya ang pag-ibig ng Diyos para sa atin nang habang tayo ay makasalanan pa, Siya ay namatay para sa atin sa Krus ng Kalbaryo.

Nagsalita si Jesus sa pamamaraang pangkalahatan at particular. Halimbawa, nang ideclara Niya na Siya ang daan, ang katotohanan at ang buhay, at walang makaparoroon sa Ama kundi sa pamamagitan Niya, tinutukoy Niya ang lahat nang nakikinig (John 14:6). Subalit may mga pagkakataon na gumamit Siya ng parable upang itago ang kahulugan ng Kanyang sinasabi doon sa hindi Niya nais makaunawa. Kaya nga noon hanggang ngayon ay mayroon pang mga ipinakikilala sa Diyos Ama sa personal na kaparaanan. Sa Matthew 11:25-30 at John 17:6 nangungusap ang Bibliya sa ganitong paraan ng pagpapahayag.

© Revised April 11, 2022 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation Inc.